

CHAPTER *One*

Bitbit ang mga certificates na nakuha sa mga dinaluhang training sa Organic Farming ay sumakay ng bus pauwi ng probinsya si Maui. Laking Maynila siya. Ang mga magulang niya ay parehong laking probinsya, pero sa Maynila na nagkatrabaho at nagkapamilya.

Matagal nang pangarap ni Maui na maging agripreneur. Nag-umpisa iyon matapos niyang mabisita ang isang organic farm sa Thailand nang mag-present sila ng thesis doon noong college. Pagka-graduate ay nagtrabaho siya sa call center nang apat na taon at ngayong nakaipon-ipon na ay nagpasyang mag-resign at umuwi ng probinsya para simulan ang kanyang dream business.

May ten-hectare na lupang minana ang kanyang daddy mula sa mga namayapang magulang nito. Gusto niya iyong gawing organic farm.

Halos kalahating araw rin ang ibiniyahe niya bago niya narating ang bayan ng Andulay. Sa simbahan siya bumaba at sinalubong siya ng kanyang Lolo Erly na tuwang-tuwang makita siya. Sa sobrang tuwa ay nadapa ito.

Napatakbo si Maui para alalayan ang matanda. “Bakit nag-iisa kayo, Lolo?”

Anim ang kapatid ang kanyang inang si Meldy. Nag-aaway-away nga kaya ang payo ng mommy niya ay magtayo siya ng sariling bahay para walang masabi ang mga kamag-anak nila. Ang lolo at lola niya sa father’s side ay patay na at luma na masyado ang bahay para matirahan pa.

“Ano’ng sabi mo?!” pasigaw na tanong ng lolo niya. Bingi na kasi.

“Sabi ko po, bakit kayo nag-iisa?” pasigaw na balik niya sa tainga nito.

“Everyone is busy, my beautifulicious apo.” Mahilig itong mag-Ingles dahil dati itong English teacher sa high school malapit sa simbahan.

Dahil uugod-ugod na ay hindi na rin siya matulungan ng lolo niya na magbuhat ng kanyang

dalawang bagahe. Tinawag nito ang isang kakilalang tricycle driver. Tricycle ang sasakyan nila papunta sa Barangay Ugbaos. Papababa sila ng tricycle nang maagaw ng isang napakalaking construction site sa isang burol ang atensyon niya. Malapit iyon sa lupa ng kanyang ama.

“Lo, ano ’yang itinatayo sa burol? Pabrikang po ba ’yan? Sobrang laki!”

“Ano?!” sigaw ng lolo niya.

Itinuro niya ang site sa burol na parang dambuhalang log and stone house.

“Ah, ’yan? Kay Mr. Enrique ’yan, ’yung negosyante ng isda! Kapag nand’un ka sa burol, you can see his fish trailers in the sea. They sail the *Pacific Ocean* to catch very, very big fish—whales, sharks, dolphins, dugong, buntanding...”

Nanlaki ang mga mata ni Maui. “Lolo, di ba bawal manghuli ng dolphin, butanding, at dugong?”

“Just kidding!” sabi ng matanda at humagikgik. Napailing na lamang siya.

Habang naglalakad sila papunta sa bungalow nito, natanaw niya ang kalapit na two-storey house ng kanyang Tita Lucia, asawa ng bunsong kapatid ng kanyang mommy na si Uncle George, isang seaman. Nanlilisk ang mga mata ni Lucia habang nakatingin

sa kanya.

Nag-away kasi ito at ang mommy niya noong isang taon sa burol ng panganay na kapatid ng mommy niya na si Tatay Suleiman, isang matandang binata. May sakit kasi sa puso ang magsasakang si Tatay Suleiman at nagpapatulong sa mga kapatid sa mga gastusin sa hospital.

Nagbigay naman si Uncle George kaso itong si Lucia nang iniabot ang pera ay marami pang masasakit na salitang sinabi. Dinamdandam iyon ni Tatay Suleiman at na-cardiac arrest ang matanda. Lumala ang away ng dalawa dahil sa lupa. Nagpapader kasi si Doña Lucia at sumobra iyon sa boundary na napagkasunduan.

Nakasalubong ni Maui ang kaedad na pinsang si Twinkle at wala itong ipinagkaiba sa ina na masama kung makatingin. Hindi na lang niya ito pinansin.

Nang maipasok na ang kanyang mga gamit sa silid na inilaan sa kanya ay dumerecho siya sa hapag-kainan para kumain ng luto ni Ate Carissa, ang pinakamatanda niyang pinsan. Noon dumating ang pinsang si Kadoy, dala ang matatabang alimango na uulamin nila mamayang gabi.

Ulila na si Kadoy kaya nasa lolo niya. Kampi-kampi silang lahat laban sa bahay sa kabila.

“Saan ka ba nagtratabaho?” tanong niya sa lalaki.

“Diyan pa rin sa warpa. Messenger ako roon. Galing akong burol para dumaan sa amo namin. Nandoon kasi siya ngayon sa ipinapatayong bahay.”

“Grabe! Ang laking bahay! Ilan ba silang titira doon?” tanong niya rito.

“Si Sir at iyong magiging asawa niya. Ayaw kasing tumira dito sa probinsya ni Ma’am Lovely kaya para marahuyo, eh, ipinagpatayo na lang ni Sir ng sobrang laking bahay. Gusto kasi ni Sir dito sa probinsya dahil mas tahimik daw.”

Dahil tungkol sa bahay na ang usapan ay sinabi niya sa mga kapamilya ang plano niyang pagpapatayo ng sariling bahay. Plano nga niyang magpatayo muna ng bahay bago umpisahan ang organic farm. Kailangan niya muna ng masisilunganan.

Excited ang mga kamag-anak para sa kanya. Sa umpisa ay nag-alinlangan ang mga ito nang sabihin niyang cob house ang plano niyang ipatayo. Bagyuhin daw kasi ang Pilipinas. Ipinaliwanag naman niya na gagamit din siya ng semento at ibang materyales para siguruhing matibay ang bahay. Kahoy ang mga poste at magaan ang materyales na gagamitin sa bubong para bawas na ang bigat na

dadalhin ng mga pader.

Idinagdag niyang noong unang panahon, mud house ang inuuwian ng mga tao at hanggang ngayon ay may nagtatayo pa rin ng ganoong bahay sa Brazil at sa Mexico.

Kinaumagahan ay sinamahan siya ng dalawang pinsan na pumunta sa paanan ng burol para mag-site visit at maglinis doon.



Walang nagawa si Jacob kundi ihampas ang palad sa noo. Ipinakita na niya ang color scheme kay Lovely, pero nagmamaktol ang fiancée. Hindi raw nito gusto ang kulay. Baduy raw ang green at gusto nitong papalitan ng puti.

“Lovely, nakabili na ng pintura. Nai-deliver na. Green ang sabi mo dati, so it’s green,” mahinahon niyang sabi sa kasintahan.

“No!” sagot nito. “You never asked me about the color!”

Wala siyang nagawa kundi ang tumahimik. Hindi talaga combative ang personality niya. Lumabas siya para tumingin sa ibaba, sa dagat.

Maganda ang bayan ng Andulay. Napapagitnaan ito ng dagat at ng bundok. Presko ang hangin sa lugar kaya nga dito niya piniling manirahan.

Itong si Lovely nga lang kasi ay laking siyudad kaya hindi sanay sa ganitong pamumuhay. Siya ay sa probinsya nagkamalay, bago lumaki ang negosyo ng ama niya, at lumipat sila ng Maynila.

“Let’s go back to the inn. I don’t wanna stay here. I’ll go crazy!” sabi ni Lovely sabay lakad papunta sa sasakyan.

Wala na siyang nagawa kundi bumalik na rin sa sasakyan. Nag-drive sila pababa sa kalsada na siya mismo ang nagpagawa. Dati itong talahiban.

“What a f*cking, boring place!” Lovely grumbled.

“Watch your mouth, lady,” sabi niya, sumulyap dito. Ayaw niya sa mga taong nagmumura. Ang hindi niya namalayan ay may papatawid palang karo na may kargang kahoy. Mabilis siyang napapreno.

“Shabu pa more!” galit na sigaw ng isang babae. Akala niya ay lalaki ito dahil sa suot na long sleeves at straw hat. Mabilis nitong itinulak ang karo papunta sa kabila. Nang makalampas ang babae ay dumerecho na siya papunta sa wharf.

Pagdating doon ay tumuloy si Lovely sa kalapit na inn. Nagtungo naman siya sa warehouse kung saan sila nag-oopisina. Napatingin siya sa dagat. May paparating na trailer. Niradyo niya ang kapitan para tanungin kung kumusta ang huli ng mga ito.

Maganda raw ngayon.

Tinawagan niya sa intercom si Kadoy at nagpabili ng limang kaha ng beer para sa mga pahinante ng paparating na barko.

“Pulutan, Sir?” tanong ng messenger.

“Sige, bumili ka ng ilang inasal na manok,” sabi ni Jacob sabay bigay ng pera.

Paglabas ng messenger ay sumabay na siya para abangan ang barko kasama ang manager niyang si Mr. Ambubuog. Umakyat sila pagkatapos para tingnan ang mga huli ng barko sa freezer sa ibaba. Binati niya ang kapitan sa maraming huli ng mga ito. Minsan ay lugi rin sila, suwerte-suwerte lang talaga.

Nagtungo silang lahat sa dampang yari sa kawayan na nasa gilid ng warehouse. Doon sila mag-iinuman. Nakabalik na rin si Kadoy.

“Hoy, Kadoy bayaw, dumating na nga ba si Maui Taylor?” tanong ni Captain Andres sa messenger. “Alam mo namang pangarap ko ’yon!”

“Tumigil ka nga diyan! May asawa ka na,” sabi ni Kadoy.

“Excuse me, ha! Divorced na kami,” sagot ng lalaki at humalakhak. Nahalata niyang puro babae ang bukambibig ng kapitan, pero hindi talaga siya nagkokomento kung hindi rin lang tungkol sa

trabaho.

Cool siyang nakibagay sa usapan ng mga tauhan. Hindi naman siya tagarito. Napadpad lang siya nang may isang kaibigang Chinese na taga-Andulay na nag-alok sa kanyang mag-invest. Nakahanap agad siya ng malalaking buyer ng isda kaya lumago ang negosyo niya. Nakabili siya ng tatlo pang barko.

Napunta ulit sa babae ang kuwento ni Kapitan Andres at kinulit na naman nito nang kinulit si Kadoy tungkol sa pinsan nito. Mukhang napipikon na nga ang messenger.

“Maganda ba?” tanong ni Jacob.

“Oo, Boss! Talo pa ang artista,” sagot ng kapitan.

“Huwag kang maniwala diyan, Sir,” bulong sa kanya ng manager. “Parang loka-loka rin ’yong pinsan ko, mana kay Lolo Erly.”

Nakilala niya si Mang Erly noong niyaya sila ni Kadoy ng inuman noong birthday nito. Medyo may kakulitan nga ang matanda. Siguro dahil may edad na at baka may *Alzheimer’s*.



Hindi makapaniwala si Maui. Muntik na siyang mabangga kanina habang tulak-tulak ang karong hiniram niya sa kanyang lolo. Kung hindi ba naman baliw ang lalaking iyon, hindi tumitingin sa kalsada

habang nagmamaneho! Ang laki-laki ng karo niya para hindi makita.

Naubos ang maghapon niya sa paghahakot ng kahoy mula kay Berto na nagbebenta niyon. Dahil hindi marating ng sasakyan ang lugar niya, karo na lang ang ginamit niya at siya na mismo ang kumuha para mabilis. Gusto rin niyang makatipid. May kinausap din siyang mason para magbuhat. Inuumpisahan na nga ni Mang Kulas ang paghuhukay para sa pundasyon.

Pag-uwi ay nagtanong siya sa lolo niya kung saan siya makakakuha ng malalaking bato para sa pundasyon ng kanyang bahay.

“Ha? Si Manding Oka, nagpuputo ’yon!” sagot ng matanda.

“Lolo, bato po, hindi putu!”

“Doon malapit sa ilog, pero magpaalam ka muna kay Sir Jacob. Parte kasi ng lupang nabili niya ’yon,” sabad ng kararating lang na si Kadoy.

“Baka suplado. Siya ba ’yong may-ari ng mga barko diyan sa warpa?”

Tumango ito. “Hindi naman suplado, istrikto lang,” sagot ni Kadoy. “Ipagpapaalam ko bukas ang tungkol sa bato.”

At kinabukasan ay binigyan ni Jacob Enrique si

Kadoy ng pahintulot na makakuha ng mga bato sa lupain nito. Para magpasalamat ay bumili si Maui ng pakwan sa palengke at nagplanong personal iyong iabot sa negosyante. Dumerecho siya sa wharf at hinanap si Kadoy sa opisina.

“Wala rito si Sir Jacob,” sagot ni Kadoy. “Pumunta ng Maynila kanina lang. Baka next month pa ’yon bumalik. Ibigay mo na lang sa akin ang pakwan.”

Sayang naman ang perang ipinambili niya ng pakwan.

“Maui, my love, so sweet!” bulaga sa kanya ng pangit na kapitan.

“Tse!” sabi niya sa tsonggo bago tumalikod.

Nakasalubong rin ni Maui ang itinuro ni Kadoy na manager ng mga ito. Parang ang laki ng sama ng loob ng lalaki sa mundo sa hitsura nito. Nginitian niya at is nab ang sagot sa kanya. Nagsisi tuloy siya. Mabuti pa yata ay sa kapitan na lang niya ibinigay ang ngiti. Kahit sobrang pabling ng ugali ng isang iyon ay marunong mag-appreciate.

Umuwi na lang siya at nagbuhat ng mga bato. Tatlong araw ang naging buhatan. Tatlong araw pa silang naghukay para sa pundasyon kasama ang nakababata niyang pinsang si Boy Cute at si Mang Kulas. Sa pangalawang linggo ay inilalatag na nila

ang pundasyon. Nang pangatlong linggo ay nag-uumpisa na silang maglagay ng mga sako ng putik para sa mga pader.

Dumating ang isang patpating lalaki. Sa ngisi pa lang nito ay alam niyang hindi mapagkakatiwalaan.

“Ano ’yang itinatayo mo, Miss? May lisensya ba ’yan?”

“Bakit ko naman po kukunan ng lisensya? All natural naman po ’tong kubo ko.”

“Ay, bato ’yang ginagamit mo. Dapat may lisensya ka.”

Natakot si Maui sa takbo ng usapan. “Sige po. Kukunan ko po,” sabi na lang niya para tumigil ang lalaki.

“Dapat lang!” sabi nito bago umalis.

Mabilis siyang umuwi para magtanong sa lolo niya. Wala siyang nakuhang matinong sagot dito. Hinintay niya ang pag-uwi ni Kadoy.

“Baka si Bebot ’yun, ’yong pinsan ni Lucia,” sagot nito. “Baka inutusan ni Lucia na punahin ka. Huwag mo na lang pansinin. Huwag kang magpaapekto sa mga walang kuwentang tao! ’Tong mga kapit-bahay natin konkreto ang mga bahay, perong walang mga permit na kinuha ang mga ’yan. Bakit ikaw ang pag-iinitan?”

Kinaumagahan ay pumunta si Maui ng munisipyo para sana makausap ang municipal engineer pero wala raw dahil nasa Maynila. Kinahapunan ay binisita ulit siya ni Bebot.

“Nakausap ko si Engineer sa cellphone. Dapat talaga raw na kunan mo ng permit ’yan. Bawal na basta ka lang magpapatayo.”

Paano nga siya makakakuha ng permit, eh, wala nga ang engineer? Araw-araw talaga siyang binalik-balikan ni Bebot at marami pa itong pinagsasabi mula raw sa engineer. Gusto pa nga siyang kotongan. Tumatahimik na lang siya kapag nagsasalita ito. Huwag lang nitong paaabutin na mapuno siya dahil baka makapanaga talaga siya ng tao.

CHAPTER *Two*

*L*sang buwan si Jacob sa Maynila para ayusin ang ibang negosyo niya. At dahil sa nasa siyudad, gumanda ang takbo ng pagsasama nila ni Lovely.

“We can make it a summer retreat, babe,” sabi ng fiancée pagkatapos siyang bigyan ng halik.

Hindi siya umimik bago lumabas ng pintuan para tumuloy airport.

Wow, ha! Ten million ang ginastos ni Jacob sa bahay na iyon para gawing retreat house lang.

Habang nasa eroplano ay nagbabasa siya ng mga papeles. Ang mga isda naman ang aasikasuhin niya pagdating sa Andulay.

Dumerecho siya agad sa ipinatatayong bahay. Maayos na ang color steel roof kaya hulmang bahay

na. Napangiti siya. This was how he envisioned it—at the top of the hill and overlooking the ocean.

Perpekto na sana ang lahat kung supportive lang si Lovely. Hindi na niya alam kung ano ang gagawin para magustuhan ng kasintahan ang dream house niya. Napalapit si Jacob sa bintana para silipin ang patag at ang dagat sa baba... at napakunot ng noo nang mahagip ng tingin ang isang maliit na bahay na parang hobbit house. Wala naman iyon last month, ah! Bigla na lang sumulpot.

Lumabas siya ng pintuan sa kusina at bumaba ng burol para malapitan ang bahay. Nakita niya ang isang mason na abala sa paggawa sa likuran.

Habang papalapit ay mas nawiwindang siya sa hitsura ng bahay. Parang sa fairy tale. May sculpture pa ng ugat-ugat at bulaklak sa isang dingding. Masyadong mababa. Matangkad siyang tao at ang dingding ng bahay ay dalawang pulgada lang ang taas mula sa kanyang ulo.

Pumunta siya sa gilid para matingnan ang basa pang dingding. Hindi pa iyon na-*masilla* nang maigi at nakita niya ang mga sako ng palay na pinupuno ng putik. Wow! Innovative, ha! Parang nabasa nga niya ito minsan sa balita. Ito iyong structure na ni-recommend sa mga taga-Nepal pagkatapos ng lindol

dahil quake-proof at fire-proof daw.

Nanghaba ang leeg ni Jacob para tingnan ang mason na ngayon ay abala sa pagma-*masilla* sa kabilang panig ng dingding. Lumapit siya sa lalaki para i-congratulate ito dahil napaka-innovative ng ginagawa nitong bahay.

“Kuya, ang galing nitong gawa mo, ah!” sabi niya sa lalaki.

Humarap ito sa kanya at napatitig siya sa morenang mukhang may maliit na ilong at mapupulang labi. Nakatali ang hanggang balikat na buhok nito at namumula ang mga pisngi. Galing siguro sa arawan. Nagtagpo ang mga kilay ng babae pagkakita sa kanya.

“So, dumating na pala kayo, Engineer! Kokotongan mo na siguro ako, ano?”

Napakunot ang noo niya. *Sinong engineer?*

Mabilis na bumaba ng hagdan ang babae at natuklasan niyang maliit ito, hindi nga umabot sa balikat niya. Pero kahit anong liit ay parang higante itong namaywang habang dinuduro siya ng isang kamay.

“Maliit man ’tong kadyosahan ko pero kaya kitang tirisin! Never, never, never n’yo akong makokotongan! Hinding-hindi n’yo ako mabu-

bully!”

“Bully who?” nagtataka niyang tanong.

“Aba! Aba! Lumalaban, ha?” Tumalikod ang babae, may binunot sa ugat ng puno bago bumalik sa kanya na may bitbit ng itak. “Sawang-sawa na ako sa pangha-harass n’yo ni Bebot! Sinabihan ko na siya na kapag lumapit pa uli kayo sa akin ay mananaga na ako. Akala n’yo si Andres Bonifacio lang ang may itak? Pwes, pati si Gabriela Silang meron din!”

Nanlaki ang mga mata ni Jacob. “Hey, put that down! Wala kang mapapala sa pananaga.”

“Akala mo hindi ko kayang managa ng tao? Subukan mong lumapit sa akin! Subukan mo at parang manok na sisirit ang dugo sa leeg mo!”

Sa nerbyos ay tumalikod na siya at lakad-takbong bumalik sa burol. That girl was a freak! Gusto lang naman niya itong batiin, pero iitakin pa siya. God! Dapat pabantayan niya ang lugar niya para hindi makalapit ang babaeng iyon. Kaya siguro parang sa fairy tale ang bahay ay dahil sira ang ulo.



Dala pa rin ni Maui ang itak pauwi. Baka kasi tambangan siya ni Bebot at ng engineer. At least, may pandepensa siya sa sarili. Wala naman siyang ginagawang masama pero ginigipit siya. Tinawagan

na niya ang daddy niya kung kailangan pa niyang kumuha ng building permit. Sabi nito ay hindi na raw dahil mababa lang ang budget ng bahay niya.

At ngayon, dumating na ang engineer. Siguradong tatakutin siya nito at hihingian ng lagay tulad ng gustong gawin ni Bebot.

Pagdating ni Maui sa bahay ng Lolo Erly niya ay lalo pa siyang na-high blood nang makasalubong ang kanyang Tita Lucia at ang pinsang nurse na si Twinkle. Lumapit kasi sa kanya ang isang pamangkin para makipaglaro. Anak ito ng panganay ng kanyang Tita Lucia. Kinuha ito ng lola at ng pinsan sa kanya. Grabe! Pati bata ay idinadamay! Ang lambing pa naman ni Pocholo Taba. Ang layo pa nga nito ay nakangiti na sa kanya.

Pagdating ng hapunan ay ikinuwento niya sa lolo niya at kay Kadoy na nagkita sila ng engineer.

“Baka ligawan ka ni Engineer Don? Binata pa ’yon, ha. Pangarap nga ni Twinkle ’yon, eh,” sabi ni Kadoy.

Hindi siya nag-react. May hitsura nga ang engineer na iyon. Naalala niyang super tangkad. Medyo hindi nga lang niya type dahil parang nice kid ang dating sa old rose na polo, brown slacks, at clean cut na buhok. Maputi ang kutis nito at guwapong

tingnan, mukhang yayamanin at malinis.

Kinaumagahan, nakasabay ni Maui sa paglabas ng bakod si Twinkle. Deadma ito. Parang hindi kadugo. Kuwento ni Ate Carissa kagabi, ikinakahiya raw siya ni Twinkle dahil nagbubuhat siya ng kung anu-ano at nagsusuot ng mga damit na pang-magsasaka. Nakakahiya raw sa mga kakilala. Wow, ha! Nagpapagod siya at walang nakakahiya sa ginagawa niya.

Pagdating sa cob house, tantya niya ay kulang pa ang bato na papatungan ng kanyang lababo. Kinuha niya ang wheelbarrow at pumunta sa tabing-ilog. Binubuhat niya ang malalaking bato nang makita ang municipal engineer na papalapit.

“Grabe! Pati ba naman dito sinusundan mo ako?” sigaw ni Maui sa matangkad na lalaki.

Ang engineer napataas ng mga kamay na may dalang fishing gear at balde ng mga uod na pamain. Mukhang surrender agad dahil mabilis na napabalik kung saan man nanggaling. *Takot?*

Ipinagpatuloy niya ang pangunguha ng bato.

Mayamaya ay may narinig siyang lumalapit. Ang engineer!

Itinuwid niya ang likod at malditang nagtanong, “Ano’ng kailangan mo?”

“I think it’s not me who should leave, but you,” sagot nito habang inilalatag ang folding chair. Inilagay nito ang timba ng mga uod sa lupa at inayos ang fishing gear habang nakatingin sa kanya.

“Huwag mo akong titigan at baka mabawasan ang ganda ko!” patuloy ni Maui.

Walang sagot ang lalaki. Tahimik lang itong tumingin sa kanya.

Hindi talaga siya tumigil sa pandidilat dito hanggang sa na-outbalance siya at nabitiwan ang isang napakabigat na bato. Isang malakas na iyak ang umalingawngaw sa buong ilog.

Ang daliri niya sa paa! Ang daliri niya sa paa!

Hindi niya alam kung hahawakan o hahalikan o hihipan o puputulin na lang.

“Miss! Miss, are you okay? Are you okay?” tanong ng lalaki. Mabilis itong nakalapit sa kanya para tulungan siya.

Wala talaga siyang naisagot kundi iyak dahil sa sobrang sakit.

“I’ll bring you to the hospital,” sabi ng lalaki sabay alalay sa kanya.

“Hindi! Huwag na!” Biglang nabawasan ang sakit nang maisip na baka mas madugo ang babayaran niya sa clinic kung pupunta siya roon.

“But you’re in deep pain!” giit ng lalaki.

Napailing si Maui. Mas feel niyang tiisin ang sakit kaysa mabawasan ang savings niya. “Hindi. Okay lang talaga ako, engineer.” Nang mahimasmasan nang kaunti ay inabot niya ang karo niya para makalakad na. Tinulungan naman siya ng lalaki na magtulak.

“Huwag na,” sabi niya rito.

Pero tinulungan pa rin siya nito at inaalalayan pa sa tuwing mapapahinto dahil sa sakit. Pusta niya ay mamatay ang isa o dalawang kuko niya.

Inihatid siya ng lalaki hanggang sa cob house. Tinanong pa siya nito kung okay lang ang kanyang pakiramdam. Tango lang ang kanyang sagot. Nagpaalam din agad ito.

Imbes na magtrabaho ay nagpasya na lamang siyang umuwi. Mukhang masama talaga ang lagay ng kanyang paa. Nang sumunod na araw ay namaga iyon at sobrang hirap siyang maglakad. Tiniis na lamang ni Maui at inisip na baka bukas ay huhupa rin ang sakit.

Pero nang sumunod na araw ay ganoon pa rin ang lagay ng paa niya. Nag-alala na ang lolo niya. Papunta sana sa warpa si Kadoy nang utusan ito ng lolo niya na dalhin muna siya sa ospital. Ang

matanda na raw ang magbabayad.

Nagbihis na lang siya ng pantalon at blouse at nag-makeup nang kaunti. Ayaw naman niyang magmukhang mason sa harap ng makakasalamuha niya.

“Dumaan muna tayo sa warpa. Magpapaalam lang ako kay Boss na ihahatid kita,” sabi ng pinsan.

Sumakay sila ng motorbike papuntang warpa. Wala pa kasi ang manager na si Mr. Ambubug kaya iniwan siya ni Kadoy sa lobby para hintayin itong makapagpaalam. Naglinis muna ang pinsan sa loob ng opisina. Mayamaya ay dumating na ang manager, pero hindi ito pumayag na umalis si Kadoy.

“Dapat trabaho ang inuuna mo at hindi ibang tao,” sermon ng manager sa kanyang pinsan.

Napahiya si Maui sa narinig. Ang pinsan niya ay natahimik din.

“Ramon, may natanggap ka bang email galing sa *Yura Trading*?” Isang boses ang umagaw sa atensyon nilang tatlo. Ang engineer na nakasama niya sa ilog ang nagtanong. Mukhang kadarating lang nito.

“Wala pa nga, Sir,” sagot ng manager.

Napatingin ang engineer sa paa niya at napangiwi. “I told you to go to the hospital. I bet you did not.”

Hindi niya alam ang isasagot.

“Marami kasing arte, Sir,” sagot ni Kadoy. At tiningnan siya ng pinsan. “Gumapang ka na doon papuntang hospital, Maui. Narinig mo, hindi ako puwedeng umalis.”

“Paano naman makakagapang ’yan?” seryosong tanong ng engineer kay Kadoy.

Alam naman ni Maui na nagbibiro lang ang pinsan.

Kinuha ng engineer ang susi sa bulsa nito. “Thatid mo na ’yan, Kadoy, at baka maputulan pa ’yan ng paa kapag nagka-infection iyan.”

Natakot siya sa narinig mula sa lalaki. Infection? Putol?

Inalalayan uli siya ng pinsan na makalabas ng opisina at tumigil sila sa tabi ng isang magarang kotse. Naalala niyang iyon ang sasakyan na muntik nang bumangga sa kanya. Napaawang ang bibig niya. Ibig sabihin, ang engineer pala ang muntik nang makabangga sa kanya! Hindi na niya naiwasang ikuwento sa pinsan ang nangyari nang nasa loob na sila ng sasakyan.

“Ah, sa kanya pala ’tong kotse na ’to? Muntik na akong mabangga ng engineer na ’yan. Ang gara ng kotse para sa isang taong sa gobyerno nagtatrabaho. Siguro nangongotong ’yan!”

Napakunot ang noo ng pinsan niya. “Sinong engineer na nangongotong?”

“Yung may-ari ng kotse na ’to!”

“Eh, kay Sir Jacob ang kotse na ’to at hindi ’yon engineer. Negosyante ’yon.”

Si Maui naman ang napakunot ng noo. “You mean ’yong nagbigay sa ’yo ng susi hindi engineer?”

“Hindi nga!”

Medyo naguguluhan pa rin siya. Akala niya iyon ang municipal engineer. Hindi siya magkaintindihan tungkol sa susunod na itatanong. “Sino... Ano ang trabaho niya sa warpa? Bakit nandoon siya?”

“Naturalmente, dahil siya ang may-ari ng warpa!” patuloy ni Kadoy. “Mahina talaga ang ulo ng isang ’to,” napapailing pang bulong nito.

Halos hindi siya makapaniwala sa narinig. Tama ba ang intindi niya na ang lupang pinaghakutan niya ng mga bato ay pagmamay-ari ng lalaking iyon? Pagkatapos kung sino siyang nagtaray-taray samantalang siya pa pala ang tresspassing? Nakakahiya! Ang kapal ng mukha niya!

Pagdating sa hospital ay in-X-ray ang paa ni Maui. Laking pasalamat niya nang nalamang hindi naman malala ang pinsala. Kung nagkataon daw ay baka dalawang buwan siyang hindi makalakad dahil

kakailanganing i-cast ang paa niya, ayon sa doktor.

Inihatid na siya pagkatapos ni Kadoy sa bahay ng lolo nila saka ito bumalik sa opisina.

Bilin ng doctor ay magpahinga siya nang pito hanggang sampung araw kaya hindi na siya muna pumunta sa kubo niya.

CHAPTER *Three*

*N*apatingin si Twinkle sa pinsang si Maui na papasok sa kanilang compound. Hindi niya talaga maiwasan ang ma-high blood dito. Bakit hindi na lang ito kumuha ng mga tauhan? Hindi iyong ito talaga ang nagmamason at nagle-labor para itayo ang bahay nito. Nakakahiya sa mga kapit-bahay. Laking Maynila, pero ang baduy.

Dumerecho na lang siya ng lakad para makapunta sa hospital. Laking tuwa niya nang malamang naroon na si Engineer Don. Pumunta ito sa Maynila para sa operasyon ng ina nito. May bukol kasi ang matanda. Mahigit isang buwan din doon ang mag-ina.

“Hi, Sir Don!” bati niya sa municipal engineer.

“Hi, Twinks,” bati rin nito.

Kinikilig siya papunta sa nurse station. Isang bati lang at solved na araw niya. Matagal na niyang crush si Engineer. High school pa lang siya ay gusto na niya ito, kaso ay si Jill, ang anak ng vice mayor ang matagal na nitong girlfriend. Iyon lang, nag-abroad si girl at nag-asawa ng foreigner. One year nang single si Engineer at feeling niya type siya nito.

Nasa private room ang ina nito na ngayon ay nagpapagaling na lang. Siya talaga ang nag-a-assist sa ginang. Dumadaan ang binata sa hospital bago ito pumasok sa opisina at bago ito umuwi ng bahay pagkagaling sa maghaponing trabaho.

Pag-uwi ay naabutan niya ang pamangkin na nagpapakarga kay Maui.

“Pocholo!” sigaw ni Twinkle sa bata sabay pingot dito. Anak ito ng ate niya sa pagkadalaga at iniwan sa kanila nang makapag-asawa.

“Hoy, huwag mong saktan ang bata!” saway ni Maui.

“Huwag kang makialam ng hindi sa ’yo para walang away,” sabi niya.

“Wow! Pati pala mga bata dapat isali sa inis n’yo. Ang galing, ha!”

Pinandilatan niya ito bago tumalikod bitbit

ang pamangkin. Dumerecho siya sa bahay nila at natulog. Nagising siya bandang alas tres. Sinabihan siya ng ina na magbihis dahil iniimbiba raw sila ng kanyang Ninang Moning. Seventh birthday raw kasi ng apo nito.

Pagkatapos niyang magbihis ng pantalon at T-shirt ay inutusan siya ng ina na imbitahin daw ang lolo niya at si Maui. Wala siyang nagawa kundi pumunta sa kabilang bahay at sumigaw sa lolo niya na magbihis ito.

Humarap siya pagkatapos sa pinsan. “Magbihis ka, ha, para hindi ka kahiya-hiya sa mga kamag-anak natin,” bilin niya rito.

Binigyan siya ng matalim na tingin ni Maui bago ito pumasok sa kuwarto nito.

Lumabas na siya para magpalit ng sapatos. Nakita niya ang crush na si Piolo sa TV kaya napauupo siya sa sala bago lumabas uli ng bahay dahil tinatawag na siya ng ina. Aalis na raw sila.

Tumaas ang kilay ni Twinkle nang makita ang pinsan. Sexy sundress ang suot nito. May spaghetti straps at maiksi. Nakalugay ang buhok nito. Magkatabi pa silang dalawa sa likod ng traysikel at kapwa nagdidilatan. Mabilis nawala ang topak niya nang pagdating sa bahay ni Ninang Moning

ay nandoon ang walang iba kundi si Engineer Don.

Agad niya itong binati at dito na tumabi dahil mukhang nag-iisa ito. Nag-uusap sila tungkol sa kalagayan ng ina nito nang magtanong ang lalaki kung sino ang kasama ng lolo niya. “Magkamukha kayo. Pinsan mo?”

Napatango si Twinkle. Tiningnan niya si Maui. Tahimik lang itong kumakain sa isang tabi.

Mayamaya ay dumating ang pinsan nilang si Kadoy at ipinakilala nito si Maui sa engineer.

“Ginagamit nga ni Bebot ang pangalan mo, Engineer, para mangikil dito kay Maui,” sumbong ni Kadoy.

Naeskandalo ang engineer sa narinig at hindi ito matigil sa kakahingi ng pasensya kay Maui. Never daw nitong nakausap si Bebot at nangako pa itong tutulungan si Maui sa plano ng bahay nito.

Binigyan niya ng masamang tingin si Kadoy. Mabuti na lang at muli niyang nakuha ang atensyon ng engineer nang mabanggit ang *Makati Med* kung saan nagpaopera ang ina nito.



Napangiwi si Maui nang maisip na ibang tao ang tinaray-tarayan niya sa pag-aakalang ito ang municipal engineer. In fairness, guwapo pala talaga

si Engr. Don tulad ng sinabi ni Kadoy. At ang nakakatuwa ay tutulungan siya nito sa paggawa ng plano. Sana ay huwag siyang singilin nang malaki.

Pagdating nga ng Huwebes ay kumatok si Engr. Don sa bahay ni Lolo Erly at sabay silang pumunta sa cob house niya. Napangiti ang engineer nang makita ang bahay.

“Unique, ah! Parang *Snow White and the Seven Dwarfs* ang theme,” sabi ng engineer.

Hindi siya sigurado kung papuri iyon o insulto. Ngiti na lang ang sagot ni Maui.

Sinukat ng engineer ang bahay at binigyan siya ng mga tips kung paano ito ii-improve para pumasok sa building code. Nagpaalam na rin ito pagkatapos dahil babalik pa raw ito sa munisipyo.

“Basta, dapat hanggang 2.4 meters ang taas,” bilin nito bago naglakad palayo.

Itinuloy na niya ang pagtatrabaho. Dala ang karo ay pumunta siya sa duluhan ng lote niya para kumuha ng dagdag na putik. May bubong na nga kasi ang malaking parte ng bahay. Siguro ang kusina na lang ang tataasan niya dahil wala pa iyong bubong.

Papadilim na nang umuwi siya sa kanila at papasok siya sa banyo para maligo nang dumating

si Ate Carissa para magsumbong.

“Ala, narinig ni Twinkle na dumating si Engr. Don at hinanap ka. Nagdabog. Inggiters talaga iyang pinsan natin. Para mas masaya, landiin mo rin si Engineer. Mas maganda ka at mas matalino kaysa kay Twinkiebels kaya siguradong mas masusungkit mo ’yon.”

Ngiti lang ang sagot niya.

“At, Maui, twenty-six ka na. Huwag kang maging kampante dahil may lahi tayong matandang dalaga. Dapat sa edad na ’yan ay may nobyo ka na.”

At itong si Ate Carissa ay ginuyo pati ang Lolo Erly nila.

“Ano? Engineer ang nobyo ni Maui! ’Yon bang apo ni Dolorosa?”

“Lolo!” saway niya. Baka marinig pa ito ni Twinkle, siguradong away lang.

At sira rin talaga ang ulo ng lolo niya dahil kinagabihan nang sumunod na araw ay may ikinuwento sa kanya si Ate Carissa.

“Alam mo ba, si Lolo, kinausap niyan si Dolorosa noong nagkasalubong sila sa palengke. Ipapakasal na raw kayo ni Engineer Don.”

Namutla si Maui sa narinig. Bakit iyon ginawa ng matanda? Nakakahiya!

“Ganyan kasi dito sa probinsya. Ang mga matatanda ang nagkakagustuhan at nagliligawan para sa mga anak at apo nila,” paliwanag ng pinsan habang itinatali ang buhok ng anak nito.

“Pero, Ate, dapat si Twinkle ang tinutulungan niya sa engineer, hindi ako!”

“Kasi nga, hindi naman malambing ’yang si Twinkle kay Lolo, puro sarili niya ang iniintindi. Baka nga ni hindi alam ng matanda na gusto ni Twinkle ang apo ni Dolorosa.”

“Hay naku!” Pumasok na si Maui sa kuwarto at nang makapahinga.

Maaga siyang natulog kaya maaga ring nagising. Pagkatapos maligo at mag-agahan ay dumerecho siya sa kubo at nandoon ang lalaking inakusahan niyang engineer na amo pala ni Kadoy at may-ari ng malaking bahay na itinatayo sa burol—ang lalaking tinataray-tarayan niya.

“Kumusta na ang paa mo?”

“Okay lang, salamat,” sagot ng dalaga.

“Mabuti naman at tinaas-taasan mo ang pader.” Lumapit ito at kinatok-katok ang bagong dagdag niyang putik. Madali iyong naabot ng lalaki dahil matangkad ito.

Hindi niya alam ang sasabihin. Lumabas na lang

siya at binuhat ang mga hinulmang bloke ng putik at dayami na pinatuyo niya sa labas nang ilang araw. Iyon ang gagawin niyang sahig.

“You mean ’yan ang gagawin mong flooring?” tanong nito.

Tumango siya.

Napakunot ang noo ng kausap. “Didikit din ba ’yan? I mean, will it harden like stone?”

“Tumigas nga ang dingding ko, eh, di titigas din itong sa sahig. Papaarawan ko siya ’tapos lalagyan ko ng tiles.”

“That’s cool, but I don’t know if it will work. Ipasemento mo na lang kaya at saka lagyan ng tiles.”

“Kapag hindi malaki ang budget mo, magtitiis ka na lang sa kahit ano,” sagot ni Maui. Itinutok niya ang atensyon sa paglalagay ng flooring. Lalagyan niya iyon ng basang putik para magdikit-dikit.

Napaangat ang tingin niya nang makitang buhat-buhat ng lalaki ang isang square ng putik.

“Saan ilalagay ’to?” tanong nito.

Itinuro niya ang bakanteng dulo. Gusto sana niyang tanungin ang lalaki kung wala itong trabaho ngayon. Ayaw niya kasing may kasamang magtrabaho dahil nakaka-conscious. Siyempre, kung nagbubuhat ka, papawisan ka at madudungisan.

Baka naman aalis din ito kaagad kaya hindi siya nagsalita.

Pero mukhang buong umaga siyang tutulungan ng lalaki sa kakabuhat at wala itong planong umalis. Hindi na siya nakatiis. “Wala ka bang trabaho ngayon?”

“Ahm... meron dapat, pero hindi dumating ang kausap ko kaya napauwi ako sa bahay ko. Nakita ko uli itong bahay mo.”

“Isa pa ’yan. Meron kang sariling bahay na ipinapatayo, pero itong sa akin ang pinanggigigilan mo.”

“Ahm... dream ko rin kasing gumawa ng bahay using my own hands. I don’t think I can do that with my house being that big. Isang maling haligi o foundation doon ay baka gumuho ang buong bahay. Eh, itong sa ’yo mukhang hindi ka nagwo-worry about structural soundness. At dahil maliit lang ’to, hindi ka naman siguro mamamatay kahit gumuho.”

“Eh, di kapag gumuho ang bahay mo, tumakbo ka na lang nang mabilis para hindi ka mamamatay.”

“Hindi naman ang sarili ko ang iniisip ko. Paano ang mga kasambahay o ang magiging pamilya ko? Paano kapag hindi sila makatakbo? Eh, di ako pa ang masisisi at madedemanda?”

“Sabagay,” tangi niyang nasabi. Tiniis na lang ni Maui ang presensya ng lalaki dahil baka may kailanganin pa siyang bato o putik. May mahihingian siya. Pagdating ng alas diez ng umaga ay kinalabit siya nito.

“Ano’ng gusto mong merienda?”

“Ikaw na nga ang tumulong, eh. Dapat ako ang bibili ng merienda natin,” sabi niya.

“No!” Kinuha ni Jacob ang cellphone at nagpabili ng ice cream at tinapay sa kausap. Mayamaya ay dumating ang foreman nito sa bahay sa taas bitbit ang pabili ng lalaki.

Umupo sila sa lilim ng punong mangga. May papag kasi roon na yari sa kahoy at kawayan. Ipinalaman nila ang ice cream sa tinapay. Mabuti at may isinamang platic cup at kutsara ang foreman kaya hindi sila nahirapan sa pagkain ng ice cream. Sinabi niya rito na favourite niya ang ice cream at tinapay.

Natawa ang lalaki. “Ako rin. Dati sa school mahilig ako sa dirty ice cream at tinapay. May nagbebenta kasi sa labas.” Ikinuwento ng lalaki na nag-umpisa rin daw sa wala ang ama nito hanggang sa nakasuwerte sa agribusiness.

Sinabi rin ni Maui na gusto niyang magsimula

ng isang organic farm.

“Mahirap ’yon. Matrabaho. Kapag typical na paraan ng pagtatanim kasi ay mag-i-spray ka lang. Pero sabagay. At least, may lupa ka na.”

Ikinuwento niya sa lalaki ang lahat ng training na pinuntahan niya. Marami silang pinag-usapan, imbes na magtrabaho ay nagchikahan na lang silang dalawa. Kung hindi pa dumating ang tanghalian ay hindi pa siguro aalis ang lalaki.

Mabuti naman at hindi na ito bumalik kinahapunan. Nakatrabaho siya nang mabuti. Hindi na muna niya pinapasok si Mang Kulas para menos gastos sa labor. Siya na lang din siguro ang maglalagay ng tiles dahil siya lang naman ang aapak doon.

CHAPTER *Four*

Ambes na kahapon ay ngayon dumating si Mr. Qui. Possible investor ito ni Jacob sa plano niyang canning business na itatayo sa wharf. Gusto niyang mag-produce ng mga canned at packed fish products. Binigyan niya ang negosyante ng tour sa bago niyang biling barko at mukhang na-impress ang Taiwanese kahit papaano.

Hindi rin nagtagal ang negosyante. Paperwork ang inasikaso niya pagkaalis nito. Nagbabasa siya ng report mula sa sekretarya niya sa Maynila nang maalala ang bagong kaibigan. Tinawagan niya ang sekretarya ng ama para padalhan siya ng mga seeds.

“Send me the high value ones like sweet pepper at watermelon. At baka may hindi ginagamit diyan

na UN polyvinyl sheet, ipadala mo na rin sa akin.”

Nangako ang sekretarya na ipapadala ang mga hinihingi niya next week.

Pagdating ng alas cinco ay nag-ayos na si Jacob ng gamit para tingnan ang ipinapatayong bahay, pero imbes na dumerecho doon ay lumiko siya sa cob house. Naroon si Maui, nagbubuhos ng semento sa sahig nito.

“Nandito ka na naman. Ayaw kong may kasama kapag gumagawa,” sabi ng dalaga.

Hindi na niya pinansin ang pasaring nito. Tiningnan na lang niya ang tinatapos nitong sahig.

“Hindi ba ’yan magka-crack o pamamahayan ng uod?”

“Hay naku!” sabi ng babae. “Ang iba rito bahay ko ang pinoproblema, may bahay namang kanya.”

Charming naman ang pagkakasabi nito kaya napangiti siya.

“Gusto mong magmerienda?” tanong ni Jacob.

“May meryenda ako diyan. Dala ng lolo ko.” Tumayo si Maui. “Maghuhugas lang ako ng kamay at bibigyan kita.” Tumakbo ito sa ilog para maghugas ng kamay. Pagbalik ay binuksan nito ang isang food ware ng biko at latik.

“Wala nga lang kutsara. Maghugas ka ng kamay

doon at kakamayin na lang natin.”

Naghugas si Jacob ng kamay sa ilog at nakigulo kay Maui sa pagdampot ng bikong may latik sa *Tupperware*. Mainit pa kaya masarap. Ang yumaong lola niya ay mahilig ding magluto nito noon kaya gusto niya ang kakanin.

Napapangiti sila sa isa't isa habang kumakain. At dahil parehong ayaw uminom ng maligamgam na *Coke* na padala rin ng lolo ni Maui ay pumunta sila sa isang bukal sa ilalim ng puno ng caimito na malapit sa maliit na sapa at doon uminom.

“Dito ako kumukuha ng maiinom palagi,” kuwento ng babae.

Lumuhod din siya para makakuha ng tubig. Malamig nga at manamis-namis. Ang sarap ng lasa ng tubig kaya napasalok siya nang ilang beses.

“Ako naman! Hindi mo na ako pinasalok,” reklamo ni Maui.

Winisikan niya ito ng tubig sa mukha para lalong mainis.

“Aba! Aba!” Dalawang-kamay ang isinalok nito para ipambasa sa kanya. Pero bago ito makasaboy ay hinawakan na niya ang mga pupulsihan nito.

“Bitiwan mo ’ko!”

High blood na ito kaya natawa si Jacob.

“Bitiwan mo ’ko o kakagatin kita!” sabi ni Maui, natatawa kahit naiinis.

“Kagatin mo!” sabi niya.

Nag-agawan sila ng kamay hanggang sa na-outbalance ito. Sinalo niya ang dalaga ng yakap para hindi mahulog sa tubig. Pero nawalan din siya ng panimbang. Kapwa sila napasigaw nang pareho silang bumagsak.

“Nanay!” iyak ng babae dahil naligo ito.

Natawa si Jacob.

Sinabuyan siya nito nang sinabuyan ng tubig at naligo na siya nang tuluyan. Niyakap niya ito para matigil. Ewan kung bakit bigla siyang naging aware sa katawan nito sa ilalim niya. Nagkatinginan sila. Mabilis itong nag-iwas ng tingin.

Napatitig siya sa mukha nito. Maganda kahit hindi nakaayos. Mabango kahit buong araw sa ilalim ng init ng araw. Halikan niya kaya? Pinilit nga niyang hulihin ang mga mata nito, pero ayaw talagang tumingin. Halatang umiiwas si Maui.

“Hay naku!” sabi nito bago tumayo.

Hinayaan na lang niya ito. Hindi niya ugaling mamilit. Tumalikod ito, pero mayamaya ay bumalik at iniabot ang kamay para makatayo siya. Humawak siya sa kamay nito at tumayo.

“Uwi na ako,” paalam nito bago bumalik sa bahay nito at nag-ayos ng mga gamit. Nagba-bye ito pagkatapos bago naglakad pauwi.

Dumerecho na si Jacob sa ipinapatayong bahay. Kausap niya ang foreman nang makatanggap ng tawag mula sa sekretarya sa Maynila na dumating na ang order niya galing Thailand. Ibig sabihin ay kailangan niyang bumalik ng Maynila bukas. Parang ayaw niya. Natatamad siyang umalis.



Sa totoo lang, naho-home sick din si Maui. Ibang-iba kasi rito sa probinsya kumpara sa Maynila. Siyempre, sanay rin siya na magulo, mabilis ang buhay, at maraming puwedeng gawin. Dito sa bahay ng lolo niya, kailangan niyang tumulong sa gawaing-bahay.

May katulong sila sa Maynila kaya hindi siya obligadong gawin iyon.

Para may contribution, siya ang nagprisintang magluto ng hapunan palagi. Nang gabing iyon, nagluto siya ng beef steak at nasa kalagitnaan sila ng masarap na kain nang dumating si Engr. Don bitbit ang plano ng cob house niya.

“Upo ka, hijo! Kain ka rin!” sigaw ng lolo niya sa binata.

Niyaya niya rin itong sumabay sa kanila. Hindi pa nga rin daw ito kumakain kaya sumabay na sa kanila. Ang saya ng usapan nila tungkol sa kabataan ni Lolo Erly at ng ibang senior citizens sa kanilang bayan. At napunta pa sa mga maligno at aswang ang kanilang kuwentuhan. Sa saya ng usapan ay alas nueve na nagpaalam si Engr. Don.

“Paano ang bayad nito?” tanong ni Maui.

“Huwag mo nang alalahanin,” sagot nito.

“Ay, hindi puwede,” sabi niya. “Pupuntahan kita bukas sa munisipyo para mabayaran ko.”

“Huwag na. Para kang others.”

Inihatid niya ito hanggang sa gate at nahagip ng tingin niya na nakasilip ang kanyang tiyahin sa bintana at tila sinusubaybayan sila.

“Sige, dalaw uli ako rito sa ibang araw,” sabi ni Engr. Don.

“Okay,” sabi lang ng dalaga. Hinintay niyang makaalis ito bago bumalik ng bahay.

Pumasok si Ate Carissa at nakibalita kung ano ginawa ng engineer sa kanila. Abala raw kasi ito sa katatapos lang na labada kaya hindi namalayan na naroon pala ang lalaki. Kinikilig ang pinsan niya.

“Ay! Huwag mo nang pakawalan, Maui! Kaya kang buhayin niyan, ’tapos malalapad pa ang mga

lupain na mamahin niyan kay Dolorosa. Bagay kayo!”

Sinenyasan niya ang nakakatandang pinsan na tumahimik dahil papasok ng bahay ang tiyahin nilang si Lucia. Mataas ang kilay nito dahil sa mga narinig.

“Yong isang *Tupperware* ko na hiniram ni Kadoy noong isang buwan hindi man lang naibalik. Puwedeng makuha?” sabi ng ginang.

Natahimik si Carissa. Hindi nito alam na nasa likod na nito ang tiya. Lumapit ito sa isang cabinet at doon hinanap ang yellow na *Tupperware* para maibalik sa tiyahin.

“At isa pa,” patuloy ng ginang. “Alam n’yo namang nagkakamabutihan na si Engr. Don at si Twinkle, bakit kayo sumasali-sali pa?”

Walang umimik sa kanilang dalawa.

“Mga kadugo naman, pero mga ahas!” huling hirit nila bago lumabas.

Napasatsat ang pinsan niya. “Heh! Ang anak lang naman niya ang may gusto. Ang engineer naman, walang gusto diyan sa maarte na ’yan.”

“Eh, pinsan kasi natin si Twinkle, Ate,” aniya. “Kahit nakakainis ang isang ’yon, anak pa rin siya ni Tiyong Isoy kaya dapat pagpasensyahan na lang.”

“Hay, naku, bakit? Wala namang pakialam sa atin ang isang ’yan. Baka nga ikinakahiya tayo ng feelingerang ’yan!”

Tumahimik na lang si Maui dahil naiintindihan din niya kung saan nangagaling ang galit ng pinsan. Namatay ang mabait nilang tiyuhin dahil sa sama ng loob.

Siya na lang ang iiwas sa engineer. At isa pa, hindi naman ibig sabihin na chummy sa kanya ang lalaki, eh, may gusto na ito sa kanya. Baka gusto lang makipagkaibigan. Masyado naman silang assuming.

Bago matulog ay tumawag siya sa ina at isa pa itong patola. Ikinuwento niya kasi na pinagsabihan siya ng tiyahin. Imbes na sabihan siya na huwag pansinin ang kapamilya ay tinusta pa nito ng mga insulto si Tita Lucia. Itinikom na lang niya ang bibig.

Napanaginipan ni Maui ang ina na ginagantsilyo ang buhok ng tiyahin niya. Natawa tuloy siya nang magising kinaumagahan.

Binati niya ang kanyang lolo ng magandang umaga at tumuloy sa banyo para maligo. Paglabas niya ay may isang cargo forwarder sa labas ng pintuan sa sala. Sa tabi nito ay ang isang karton ng mga seeds, isang malaking rolyo ng polyvinyl plastic, at isang malaking rolyo ng mulch film. Napaawang

ang bibig ni Maui.

“Kuya, wala naman akong in-order na ganito. Baka para hindi sa akin ’to.”

“Di ba kayo si Maui Tolentino?”

“Opo.”

“Sa inyo po ’yan, ma’am.” Pinapirma siya nito sa log sheet at pinirmahan naman niya. Tinanong ng dalaga ang lolo niya kung may in-order ito para sa kanya. Wala raw.

Napapatanong siya sa sarili kung sino kaya ang nagpadala ng mga items. Baka surprise ng ama. Tinawagan niya agad. Hindi raw ito ang nagdapadala.

Kung hindi ito, sino?

CHAPTER *Five*

*N*apatingin si Jacob sa relo. Mag-a-alas-siete na. Kailangan na niyang sunduin si Lovely dahil pupunta sila sa anniversary party ng tita nito na si Anda Ming. Ito ang kanilang matchmaker. Client kasi ng kanilang agrocompany ang pineapple plantation ni Anda sa Davao.

Alas nueve na sila nakarating sa pagtitipon. Sa isang Japanese resto and bar ang venue. Puno na ang lugar ng kanilang mga kakilala at nag-uumpisa na ang dinner buffet. Kumuha sila ng pinggan at umupo sa mesa ng mga pinsan ni Lovely. Ang kasal ang kanilang pinag-usapan. Excited ang fiancée na magkuwento ng detalye ng kanilang magiging kasal sa Batanes.

“Wow! That sounds amazing,” sabi ni Joanne.

“You know I’ve always wanted my wedding to be in Batanes,” sabi ng nobya.

“Amazing and expensive,” sabi ng nobyo ni Joanne.

Destination wedding kasi ang gusto ni Lovely. Hindi na siya umangal.

“Saan ba kayo magbi-base after the wedding?” tanong ni Joanne.

Hindi sumagot si Lovely. Umismid ito. Mukhang nabasa ng dalawa na may problema.

“I heard it’s a very big house, Lovely,” sabad ng matandang dalagang pinsan ng nobya. “You should be more appreciative.”

“Who needs a big house in a dreary place?” Sarcastic ang tono ng nobya. “I wouldn’t like my kids to attend the shitty schools there.”

Kaysa makinig sa iba pang sasabihin nito ay tumayo na lang si Jacob at lumapit sa bar para makinig ng jazz na tinutugtog ng banda.

“Hey, bakit mo kami basta iniwan doon? Don’t you want to hear my rants?” tanong ni Lovely.

Hindi siya sumagot. Bad trip na naman siya sa isang ito. Sa public school siya nag-aral ng elementarya bago nagkasuwerte ang ama niya. Was

he any less of a person because of that? Absolutely not!

“Autistic alert!” patuloy ng nobya. “The next time you snob me like that, I’ll not have a second thought to cancel the wedding.”

“Then cancel it! I really don’t care.” Dinampot ni Jacob ang cellphone sa mesa at tumayo na para dumerecho na sa exit. Kinuha niya ang sasakyan at dumerecho sa bahay ng mga magulang imbis na sa unit nila ni Lovely.

Masaya ang ina niya nang makita siya, pero nang ibuka nito ang bibig ay parang hindi niya naiwasan ang nobya. “How’s your house? Nagrereklamo sa akin si Lovely. Bakit kasi doon mo pa piniling magpatayo ng bahay? Dapat iniisip mo rin ang mapapangasawa mo. Baka maburo doon ’yon.”

“I’m tired, Ma.” Pumasok na si Jacob sa dating kuwarto niya. Humiga siya pagkatapos at napaisip nang malalim. Gustung-gusto niya talaga ang view sa burol na iyon at tingin niya ay magiging tahimik ang buhay nila roon. Nai-stress siya dahil iba ang pananaw ni Lovely.

Nag-vibrate ang phone niya.

Ang fiancée ang nag-text.

You think I'm kidding? I'm telling everybody here that our wedding is off. Akala mo hindi ko kaya, ha!

Hindi na siya nag-text back. Wala siyang mapapala kahit makipag-away pa siya kay Lovely. Uuwi na lang siya bukas doon sa Andulay. Dadaan lang muna siya ng bookstore para ibili si Maui ng isang gardening book na nakita niya noong isang araw. Napaka-informative kasi ng libro at tingin niya maraming matututunan doon ang bagong kaibigan.

Kinaumagahan, nag-ayos na siya para makapunta ng Andulay, pero bandang alas ocho ay nakatanggap siya ng tawag mula sa ama. Siya na lang daw ang pupunta sa Thailand para sa isang meeting. Hindi raw makakaalis ang kapatid niya dahil nagka-dengue ang anak. Napabuntong-hininga siya.



Pagdating ng alas cinco ay nag-ayos na si Maui para makauwi. Pero imbes na dumerecho sa bahay ng lolo niya ay lumiko siya papunta sa burol para magtanong kung naroon si Jacob Enrique. Baka kasi ito ang nagpadala ng mga mulch at UV plastic cover.

Nalula siya sa bahay nito. Mas nakakalula pala ang laki sa malapitan. Lumapit siya sa foreman at

nagtanong kung dumating na si Mr. Enrique.

“Wala pa nga, ma’am. Akala nga namin ay dadating ngayon, pero wala pa.”

Umalis na lang siya.

Bumalik siya nang sumunod na araw, pero wala pa rin ito. Nalungkot siya, pero hindi niya alam kung bakit. Nami-miss niya lang siguro ang kakulitan ng isang iyon. Bumalik na lang si Maui sa kubo niya para panoorin si Mang Kulas sa paglalagay ng bubong sa kusina. Alas cinco na siya umuwi.

Pagdating ay niyaya siya ni Ate Carissa na gumala raw sila sa pagkatapos ng hapunan. May beauty search daw sa mga high school students.

Nagbihis siya ng jeans at tank top at saka bumuntot sa pinsan papuntang plaza nang pasado alas siete. Punung-puno ng tao ang lugar. Pumuwesto sila sa gilid ng basketball court at doon nanood.

Kinalabit siya ng pinsan at inginuso ang paparating na grupo ni Engineer Don at ang mga barkada nito. Kasama ng mga ito si Twinkle at ang sexy nitong kaibigan.

“Hardworker talaga ’yang pinsan natin. Tingnan mo at super effort kay Engineer,” sabi ni Ate Carissa at bumungisngis.

“Hayaan mo nga siya,” sabi ni Maui at ibinalik

na ang atensyon sa pinapanood.

“Tingnan mo! Hula ko sinisiraan tayo niyan. Tingnan mo kung makatingin.”

Lumingon siya at nakitang nakamata nga si Twinkle sa kanila ni Ate Carissa. Nanlilisik ang mga mata ng pinsan at panay ang buka ng bibig habang nagkukuwento sa engineer. Ang engineer naman ay napapatingin sa kanila at mukhang napapahiya sa naririnig.

“Tingin ko tungkol sa pamilya natin ang ikinukuwento niyan,” patuloy ni Carissa.

Napailing na lang siya. Para sa kanya, hindi dapat ibinabandera sa iba ang problemang pampamilya. Buong panahong naroon sila ay masama ang tingin ni Twinkle sa kanila. Baka nagpapakampi.

Nang matapos ang palabas ay inihatid ng grupo ni Engineer Don si Twinkle pauwi. Magkakaagapay nga lang sila. Tuwang-tuwa si Twinkle dahil ito ang sentro ng atensyon. Nang makapasok na sila sa gate ng kanilang compound ay isang nang-uuyam na tingin ang ibinigay nito sa kanila.

Bongga talaga itong pinsan niya. Manang-mana sa ina ang ugali. Siya na lang ang magpapasensya para walang away. Magfo-focus na lang siya sa ipinapatayo niyang bahay para matapos na at

makapagsimula na siya sa kanyang farm.

Kailangan niyang alamin kung kanino galing ang mga seeds. Kung kay Jacob Enrique nga, babayaran niya, pero hihingi siya ng discount. Bibili naman talaga siya ng mga items na ipinadala nito.

Kinaumagahan, nagtungo muna si Maui sa taas ng burol, bago tumuloy sa bahay niya. Nagtanong siya kung dumating na ang may-ari, pero tulad ng dati ay hindi pa rin daw bumabalik si Jacob Enrique.

Umalis na lang siya para bumili ng sementong gagamitin sa sahig.

Nag-uusap sila ng Chinese na may-ari tungkol sa kanyang Lolo Erly nang may kumalabit sa kanya.

Pagtingin niya ay ang engineer.

“Hi!” bati nito. “Nagkita na naman tayo. Parang destiny.”

Sinuklian niya ang malapad na ngiti nito.

Sinabi ng lalaki na kapag weekend daw ay nagsa-sideline ito bilang contractor. Ngayon daw ay bahay ng isang tiyahin ang pinagkakaabalahan nito.

Sasakay sana si Maui ng tricycle, pero nagprisinta ang engineer na ihatid siya sa kubo niya. May dala raw itong truck. Tinulungan pa nito ang boy na magbuhat ng mga sako ng semento na binili niya.

“May boyfriend ka ba, Maui?” tanong ng

engineer sa kanya.

Umiling siya.

“Ibig sabihin ba niyan ay puwede kitang ligawan? Single naman ako.”

Naisip lang ni Maui na dahil siguro bagong salta siya at may novelty factor siya sa engineer kaya ito nagsasalita ng ganoon at hindi dahil totoong may gusto ito sa kanya. “Ala, baka naman magalit sa akin si Twinkle niyan.”

“Bakit siya magagalit? Magkaibigan lang kami ni Twinkle. Huwag mong bigyan ng malisya.”

“Ows?” Napunta na ang usapan nila sa mga pinasukan nilang schools. Graduate pala ito ng *Mapúa*.

“Two years ako sa *UP Diliman*, BS Econ, pagkatapos nag-shift ako sa Agriculture, sa *UPLB*. Weekly ako umuuwi ng Manila noong nasa Laguna ako, naka-dorm ako sa campus,” kuwento niya.

Dahil naroon si Mang Kulas at si Boy Cute ay may katulong siya sa pagbababa ng mga biniling sako ng semento. Nagpaalam din agad ang engineer dahil may babalikan pa itong trabaho.

Ipinaubaya na lamang niya sa mga lalaki ang paggawa ng CR. Umupo lang siya sa lilim ng puno at tinanaw ang mansion sa burol. Hindi na nagpapakita

si Jacob. Nasaan na kaya iyon?



Nakatingin si Twinkle sa labas ng kanilang bintana. Naroon uli sa compound nila si Engr. Don, pero sa halip na sa kanila dumerecho ay sa bahay ng lolo niya ito pumunta. Agad siyang nagsumbong sa ina.

“Alam mo namang wala kang maaasahan sa mga kamag-anak mong ’yan!” sabi ng ina. “Hindi bale, kung si Dolorosa ang nililigawan nila, si Mabelle ang ligawan natin. Bukas na bukas din ay ako mismo ang makikipag-usap sa nanay ni Engr. Don.”

At kapag sinabi ng ina niya ay gagawin nito talaga. Nang sumunod na araw ay magkasama silang namalengke at saktong naroon din si Ma’am Mabelle, ang ina ni Engr. Don. Principal ito ng public high school ng bayan nila, naka-leave lang dahil sa karamdaman. Mabuti na marahil ang pakiramdam nito. Kailan lang ito nakalabas ng hospital.

“Mabelle, ano ’yang binili mo?” tanong ng mama niya sa principal.

“Isda lang. Bawal kasi ang karne kay Mama.” Ipinakita ng principal ang laman ng basket nito.

“Ay, ’yong binata mo nandoon sa amin kahapon. Nangliligaw sa pamangkin ko,” umpisa ng mama

niya.

“Totoo ba? Hindi ko alam ’yan, ah.” Wala siyang mabasang reaction sa mukha ng ginang kaya hindi matukoy ni Twinkle kung tutol ito o supportive.

“Hay, naku. Gusto nga naming pagsabihan na huwag makipagkaibigan sa Maui na ’yon at baka bad influence. Kaya nga pinauwi ng mga magulang iyan dito sa atin ay dahil maraming kabalbalang ginawa sa Maynila. Pumatul ba naman sa officemate niyang may asawa. Muntik na nga raw sabunutan ng asawa, eh.”

“Totoo?” tanong ng ginang.

“Oo. Sabi nga namin, sayang itong si Engr. Don dahil disentang tao at disentang pamilya ang pinanggalingan ’tapos sa isang pariwarang babae lang mapupunta. Isipin mo, Mabelle... Bakit magtitiis dito si Maui? Baka may tinatakbuhang utang ang batang ’yon doon. Parang walang ipon. Nakita mo ba ’yong ipinapatayong bahay? Parang lungga ng unggoy!”

“Talaga?” tanong ng principal. “Baka may bisyo kaya hindi makaipon-ipon.”

“Sinabi mo pa! Kung uminom ’yon ng beer, eh, parang lalaki.”

Inabot nga sila ng kalahating oras sa

pagchichismisan sa palengke. Kung hindi lang tumawag ang asawa ng principal ay baka hindi pa sila naghiwalay na tatlo. Tuwang-tuwa ang ina habang pauwi sila.

“Umpisa pa lang, ’yan, ’nak,” pangako ng nanay ni Twinkle. “Siguradong sesermunan ng isang iyon si Engineer pag bumisi-bisita pa kay Maui. Tingnan natin kung hindi kontrahin ’yan ni Mabelle.”

At mukhang may epek nga ang ginawa ng mama niya dahil hindi na muling bumisita pa si Engr. Don sa bahay ng kanyang lolo.

Nagkita sila sa hospital nang samahan nito ang ina para sa weekly check up ng ginang. Maganda ang ngiti ni Ma’am Mabelle sa kanya. Pinuri-puri nito ang bagong bili niyang hikaw. Magalang naman ang pakitungo sa kanya ng anak nito.